### 10. MAPANLINLANG (PREDATORY) NA PAGPAPAUTANG & MGA ANNUITY

Humingi ng payo mula sa propesyonal na may-kasarinlan bago gumawa ng mga desisyon sa pananalapi. Maaaring palabasin ng nagbebenta na ito ay isang napakagandang deal, pero maaaring hindi ninyo makakaya ito, hindi ito kailangan o panggagantso ito.

- ✓ HIP Housing (mortgages): (650)348-6660
- ✓ Dept. of Insurance: (800) 927-HELP

### 11. MGA NAGHIHIRAP NA KAMAG-ANAK

Kung minsan pinagsasamantalahan ng mga miyembro ng pamilya ang pananalapi ng kanilang mga magulang dahil sa wari nila may karapatan sila sa “kanilang mana”. Mag-ingat sa pagdagdag sa kamag-anak sa inyong mga account sa bangko at sa titulo ng ari-arian, lalo na kung may mga problema sila sa pera o sa pagkagumon sa mga substance.

### 12. KALIGTASANG PERSONAL & ABUSONG PISIKAL

Ang abuso sa pananalapi ay maaaring lumala at mauwi sa abusong pisikal. Sa sandaling maghinala kayo na kayo o ang ibang tao ay inaabuso sa pananalapi, i-report ninyo! Kung nangangamba kayo para sa inyong kaligtasan, tumawag kaagad sa 911 at i-report ito sa pulis.

- ✓ Tumawag sa 911
- ✓ Tumawag sa inyong lokal na departmento ng pulisya
- ✓ Adult Protective Services: (800) 675-TIES

Ang bahagi ng pagpopondo ay galing sa

KAISER PERMANENTE®

## I-REPORT ANG ABUSO SA MATANDA

**Tumawag sa 911**
Kung ikinatatakot ninyo na kayo o ang ibang tao ay nasa kagyat na panganib na pisikal, tumawag sa 911!

**Aging & Adult Services / Adult Protective Services (APS)**
(800) 675-TIES
Maaari ninyong gamitin ang numerong ito para i-report ang pinaghihinalaang abuso ng matanda o ng dependent na may gulang

**Lokal na Departmento ng Pulisya**
Maaari rin kayong tumawag sa inyong lokal na departamento ng pulisya para i-report ang abuso.



## MGA MAPAGKUKUNAN NG TULONG UKOL SA BATAS

**Senior Advocates Program**
(650) 558-0915
Pinapayuhan at tinutulungan ang mga taong may 60 taong gulang o mahigit pa sa mga usaping sibil, abuso sa matanda, mga benepisyo mula sa pamahalaan, pabahay, mga problema ng consumer, pangangalaga sa kalusugan. Libre ang mga serbisyo ukol sa batas. Tumawag para sa appointment.

**San Mateo County District Attorney**
Punong Opisina: (650) 363-4636
Consumer Protection Unit: (650) 363-4651

**California Attorney General**
(800) 952-5225

# KALIGTASAN SA PANANALAPI Para sa mga Senior

Pangalagaan ang sarili ninyo mula sa mga manggagantso na pumupuntirya sa mga senior!



## Maging Matalino, Manatiling Ligtas

LEGAL AID SOCIETY
OF SAN MATEO COUNTY
The Natalie Lanam Justice Center
Sobrato Center for Nonprofits
Redwood Shores
330 Twin Dolphin Drive, Suite 123
Redwood City, CA 94065
(800) 381-8898 or (650) 558-0915
http://www.legalaidsmc.org/

## MAAARING PIGILIN ANG ABUSO SA MATANDA SA PAMAMAGITAN NG KAUNTING PAG-IINGAT

Iba-ibang uri ng abuso sa pananalapi ang umiiral mula sa pagnanakaw ng pera hanggang sa paglilinlang sa tao na isangla ang kanyang bahay. Narito ang ilang karaniwang panggagantso at mga bagay na maaaring pagmulan ng abuso. Alamin kung anu-ano ang mga ito at pangalagaan ang sarili ninyo!

### 1. MGA BENEPISYO MULA SA PAMAHALAAN

Mag-ingat sa mga taong nagbibigay ng "garantiya" na maaari nila kayong magawang karapat-dapat para sa mga benepisyo ng pamahalaan kapalit ng bayad. Ang mga programa tulad ng Medi-Cal, Medicare, Social Security, SSI, at CAPI ay may nakatakdang mga tuntunin tungkol sa pagiging karapat-dapat at hindi kailanman sumisingil ng bayad para sa aplikasyon. Mag-aplay nang tuwiran sa ahensya ng pamahalaan para sa mga benepisyo. At saka, mag-ingat sa mga manggagantso na pumapapel na tauhan ng ahensya na humihiling sa inyo na iberipika ang inyong Social Security/petsa ng kapanganakan para sa mga benepisyo.

### 2. MGA GAWAD NG KAPANGYARIHAN PARA SA PANANALAPI

Ang mga Gawad ng Kapangyarihan para sa Pananalapi, sa karaniwan, ay nagbibigay ng kapangyarihang gumawa ng mga bagay tulad ng pag-access sa mga account ninyo sa bangko, paglipat ng ari-arian at paglagay sa inyo sa isang pasilidad para sa pangmatagalang pag-aalaga. Humingi ng payo ukol sa batas bago pirmahan ang isang Gawad ng Kapangyarihan!

### 3. MGA TAGAPAG-ALAGA & KATULONG SA BAHAY

Kung minsan nangangailangan ang mga tao ng tulong sa loob ng bahay para mamuhay nang nagsasarili. Bago mag-empleo ng sinuman, humingi ng mga pangalan na maaaring sanggunian at tiyaking tunay ang mga ito at alamin kung anong impormasyon ang mayroon sila! Pag-isipang kumuha ng tauhan mula sa isang ahensyang gumagamit ng mga tauhan lamang na lisensyado at nakunan na ng tatak ng mga daliri.

### 4. PAGKUKUMPUNI NG BAHAY

Ang mga manggagantso ay madalas na lumilibot at kumakatok sa mga pinto para mag-alok ng pagkukumpuni. Maaaring pakitahan pa kayo ng huwad na numero ng lisensya ng contractor! Tumawag sa License Board para tiyaking tunay iyon bago kayo makipagkasundo at magpatrabaho kaninuman. Maaaring masyadong mataas ang sisingilin sa inyo o maaaring mababang-uri ang magiging trabaho!

- ✓ Better Business Bureau: (866) 411-2221
- ✓ Contractors State License Board: (800) 321-2752

### 5. HUWAD NA INSPEKSYON

Kung minsan, ang mga manggagantso ay pumapapel bilang ibang tao para makapasok sila sa isang bahay. Halimbawa, maaaring sabihin ng isang magnanakaw na tauhan siya ng Water Department at hihilingin niyang makapasok sa loob ng bahay para inspeksyunin ang mga tubo ninyo. Kapag nasa loob na, lilituhin kayo at madaliang nanakawin ang anumang mananakaw nila. Huwag magpapapasok kailanman sa inyong tahanan ng mga taong di-kilala kung hindi ninyo matiyak sa sarili ninyong pagsisiyasat na totoo ngang sila ang sinasabi nila.

### 6. PAGNANAKAW NG IDENTIDAD (IDENTITY THEFT)

Gagamitin ng mga manggagantso ang inyong pangalan, address at Social Security Number para kumuka ng mga credit card, magbukas ng mga account sa bangko at higit pa riyan. I-shred ang lahat ng mga dokumentong natatanggap ninyo na may impormasyong naiuugnay sa inyo tulad ng bills at mga alok para sa credit card.

- ✓ SMC Sheriff's ID Theft Task Force: (650) 261-2800

### 7. TELEMARKETING

Maaaring sa katunayan, panggagantso ang mga tawag na telemarketing. Madaling magpanggap ang tumatawag na ibang tao sila, magbibigay ng pangalan ng ibang tao samantalang hindi naman totoong siya ang taong iyon. Mag-hang up at sa sariling pagsisiyasat, alamin kung totoo ang sinabi ng tumawag bago kayo magbigay ng mga pribadong impormasyon tulad inyong Social Security Number, mga numero ng credit card, mga account sa bangko, o driver's license. Mapalista sa Do Not Call Registry para mahadlangan ang mga tawag.

- ✓ "Do Not Call" Registry: (888) 382-1222

### 8. INTERNET & EMAIL

Sinadya ang "Spam" email para malinlang ang mga tao sa pagbibigay ng kanilang personal na impormasyon sa nagpadala ng email para gamitin sa Identity Theft o sa pagpapadala ng pera para sa isang produkto o layunin na mas mura ang halaga kaysa sa ibinayad o kaya wala namang produkto. Marunong lumikha ang mga manggagantso ng magaganda at mukhang propesyonal na mga email at website, kaya magpakaingat nang husto sa panahon na namimili kayo online o nakikipagpalitan kayo ng komunikasyon sa Internet.

### 9. PANGGAGANTSO NG KASINTAHAN ("SWEETHEART SWINDLES")

Isang napakakaraniwang panunuba ay may-kinalaman sa taong mas bata na nagkakaroon ng relasyon na matalik, romantiko pa nga, sa isang mas matandang tao at gagamitin ang relasyon na ito para pagsamantalahan ang senior. Magsisinungaling ang manggagantso at lolokohin ang mabait na senior para mamigay ng mga regalo at pera.

- ✓ Adult Protective Services: (800) 675-TIES
- ✓ Tumawag sa inyong lokal na departmento ng pulisya

### GAWIN at HUWAG GAWIN

- I-report ang pinaghihinalaang abuso.
- Magtiwala sa inyong damdamin. Kung tila masyadong maganda ang isang deal kaya parang hindi totoo, malamang hindi nga.
- Patuloy na makipag-ugnay sa pangkat ng mga taong tumatangkilik sa inyo.
- Mag-ingat sa mga taong humihiling na baguhin ninyo ang plano para sa kabuuang ari-arian ninyo.
- Siyasatin ang mga sangguniang ibinibigay bago kayo mag-empleo ng sinuman.

- Huwag mahiya kung biktima kayo ng abuso
- Huwag ibigay ang inyong personal na impormasyon sa mga taong kumukontak sa inyo.
- Huwag magbukas ng pinto sa mga taong di-kilala.
- Huwag matakot na mag-hang up sa mga telemarketers.
- Huwag pagkatiwalaan ang sinumang nagsisikap na ilayo at ihiwalay kayo sa inyong pamilya at mga kaibigan.